RECORDS FILES

DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ...
RELEASED
DepED
BY: ______ DATE: 02 MAR 2016
NAME / SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 069, s. 2016

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Paaralang Elementarya

Mula kay : **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa : **PAGPAPALAGANAP NG COMPACT DISCS (CDs) NG MGA ALAMAT, MAIKLING KUWENTO, PABULA AT PARABULA – AGF PROGRAM**

Petsa : Marso 1, 2016

1. Kaugnay sa **Memorandum Pansangay Blg. 140, s. 2015** na pinamagatang "Pagpapalaganap Ng Kopya Ng Mga Kuwento,Alamat,Pabula at Parabula Para sa Baitang 3-6" at pinalabas noong Hulyo 10, 2015 ay inatasan ang mga Tagamasid Pampurok na magdala ng *flash drive* para makakuha ng *soft copy* ng mga alamat, maikling kuwento, pabula at parabula upang maibigay sa mga guro ng Baitang 3-6 na nagtuturo ng Filipino. Sa kabila ng pagpapalaganap ng naturang Memorandum, ay natuklasang kakaunti lamang sa mga distrito ang nagkakaroon ng kopya ng mga nasasabing babasahin. Kaya sa pangalawang pagkakataon ay inihanda na ng Sangay ng Zamboanga del Norte ang mga **CDs** ng mga alamat, maikling kuwento, pabula at mga parabula upang ipamigay ang tig-isang kopya nito para sa bawat distrito.

2. Inaatasan ang mga Tagamasid Pampurok na kukunin ang **CD** ng naturang mga babasahin mula sa Tagamasid Pansangay sa Filipino at may pipirmahan na **barrower's card** para rito. Dagdag pa nito ay kukunin din ang **monitoring template** sa pagpapalaganap ng mga **CDs.**

3. Ang mga maikling kuwento para sa Baitang 3, mga alamat sa Baitang 4, mga pabula para sa Baitang 5 at ang mga parabula na para sa Baitang 6 ay kabahagi ng **Angat Gurong Filipino (AGF) Program** na aagapay sa gawaing-pagtuturo ng mga guro sa Filipino. Lahat na mga babasahing ito ay may kalakip na mga tanong na nasa mataas na antas na naglalayong malilinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral at maging mapanuri rin sa panitikan. Datapuwa't nararapat lamang na bibigyan ng kaukulang-pansin at pagpapabisa.

4. Kalakip ng Memorandum na ito ang **monitoring template** para sa pagpapalaganap ng kopya ng mga maikling kuwento, alamat, pabula at parabula sa buong Sangay.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. ____ serye 2016

## MONITORING TEMPLATE SA PAGPAPALAGANAP NG CDs
### Ng mga Alamat, mga Kuwento, mga Pabula at mga Parabula

**DISTRITO:**

| Pangalan ng Guro | Paaralan | Baitang na Tinuturuan | Lagyan ng tsek ang angkop na hanay. Maikling Kuwento | Alamat | Pabula | Parabula | Petsa | Lagda ng Guro |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Baitang 3 | Baitang 4 | Baitang 5 | Baitang 6 | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |

Ipinasa ni:

________________________

Tagamasid Pampurok